## Ano ang mga rekomendasyon?

Kung mayroon kang mga sintomas na nagpapahiwatig na may problema sa iyong prostate, ang pagsusuri sa prostate at PSA test ay karaniwang kinakailangan upang malaman kung ano ang sanhi ng mga sintomas.

Kung wala kang mga sintomas na nagpapahiwatig na may problema sa iyong prostate, inirerekomenda ng kasalukuyang mga patnubay sa pagsusuri ng PSA na:

- Dapat bigyan ng pagkakataon ang mga lalaki na talakayin ang mga benepisyo at mga pinsala ng pagsusuri ng PSA bago mag-desisyong magpasuri
- ang mga lalaking may average na panganib na magkaroon ng kanser sa prostate na nagpasyang magpasuri ay dapat alukin ng pagsusuri ng PSA kada 2 taon mula 50 hanggang 69 taong gulang
- ang mga pinsala ng pagsusuri ng PSA ay mas mabigat kaysa sa mga benepisyo para sa mga lalaking may 70 taong gulang at mas matanda pa
- ang mga lalaking may family history ng kanser sa prostate na nagpasyang magpasuri ay dapat alukin ng pagsusuri ng PSA kada 2 taon mula 40 o 45 hanggang 69 taong gulang na ang panimulang edad ay depende sa kanilang family history
- Ang digital rectal examination ay hindi inirerekomenda bilang karagdagan sa regular na pagsusuri ng PSA na ginagawa ng isang GP ngunit ito ay isang mahalagang pagsusuri kapag ikaw ay isinangguni sa isang urologist o iba pang espesyalista.

## Tulong sa paggawa ng iyong desisyon

Magandang ideya na magsimulang makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa pagsusuri ng PSA kapag ikaw ay naging 50 taong gulang. Ngunit kung mayroon kang mga sintomas o nagmula sa isang pamilya na may kasaysayan ng kanser sa prostate, pinakamahusay na makipag-usap sa iyong doktor nang mas maaga, mga edad 40 taon.

Dapat ganap na naipaliwanag sa iyo ng iyong doktor ang mga salik sa panganib at ang mga posibleng benepisyo at mga pinsala ng pagsusuri bago mo gawin ang iyong desisyon. Mahalagang magtanong nang husto, para malinaw mong maunawaan kung ano ang pagsusuri ng PSA at kung ano ang susunod na mangyayari kung normal o mataas ang resulta ng iyong PSA.

### Nag-iisip ka bang magpasuri ng PSA?

Nagbibigay ang PCFA ng detalyadong impormasyon upang matulungan kang timbangin ang mga benepisyo at mga panganib ng pagsusuri ng PSA bago magpasya kung gusto mong magpasuri.

Mahahanap mo ito dito **psatesting.org.au/info**

## Para sa higit pang impormasyon at suporta maaari kang:

**Makipag-ugnayan sa amin:** Narito ang PCFA upang makatulong. Tumawag sa amin sa **1800 22 00 99** o mag-email sa amin sa **enquiries@pcfa.org.au**

**Alamin ang higit pa:** Ang PCFA ay may hanay ng mga mapagkukunang batay sa ebidensya para sa mga lalaking may kanser sa prostate at kanilang mga pamilya. Bisitahin ang: **pcfa.org.au**

**Sumali sa isang sumusuportang grupo:** Pinagsasama-sama ng mga sumusuportang grupo sa buong bansa ang mga lalaki at babae na apektado ng kanser sa prostate. Upang makahanap ng isang sumusuportang grupo, bisitahin ang: **pcfa.org.au/support/find-a-support-group**

**Sumali sa online na komunidad:** Pinamumunuan ng PCFA sa pinakamalaking online na grupo sa Australya na nakatuon sa pagkonekta sa mga taong naapektuhan ng kanser sa prostate. Maaari kang sumali sa online na komunidad gamit ang link na ito: **onlinecommunity.pcfa.org.au**

### Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kanser sa prostate, bisitahin ang:

**Cancer Australia:** www.canceraustralia.gov.au/affected-cancer/cancer-types/prostate-cancer
**Cancer Council Australia:** cancer.org.au/about-cancer/types-of-cancer/prostate-cancer
**Healthy Male Andrology Australia:** healthymale.org.au/mens-health/prostate-cancer

### Para sa karagdagang suporta, makipag-ugnayan sa:

**MensLine Australia:** mensline.org.au
**Beyond Blue:** beyondblue.org.au
**Lifeline Australia:** lifeline.org.au

### Prostate Cancer Foundation of Australia (PCFA)

Kami ang nangungunang organisasyon sa Australya na nakatalaga sa komunidad para sa pananaliksik, kamalayan, at suporta sa kanser sa prostate. Bilang nangungunang pondong pang-kawanggawa sa bansa para sa pananaliksik sa kanser sa prostate na nakatalaga sa Australya, narito kami upang protektahan ang kalusugan ng mga kasalukuyan at hinaharap na henerasyon ng kalalakihan sa Australya at upang mapabuti ang kalidad ng buhay para sa mga lalaki at pamilyang Australyano na apektado ng kanser sa prostate.

Ang aming hinahangad ay isang kinabukasan kung saan walang taong mamamatay sa kanser sa prostate at ang mga lalaking Australyano at kanilang mga pamilya ay makakakuha ng suportang kailangan nila.

Para sa karagdagang impormasyon o para magbigay ng donasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa: **1800 22 00 99** (toll free) o bisitahin ang: **pcfa.org.au**

Prostate Cancer Foundation of Australia



# Dapat ba akong magpa-PSA test?

Prostate Cancer Foundation of Australia

# Dapat ba akong magpa-PSA test?

## Dapat ka bang magpa-PSA test?

Ang kanser sa prostate ang pinakakaraniwang kanser sa mga kalalakihan sa Australya. Bawat taon, humigit-kumulang sa 17,000 kalalakihan ang masusuri na may kanser sa prostate at humigit-kumulang sa 3,000 ang mamamatay dahil dito.

Inirerekomenda na ang mga lalaking lampas sa 50 taong gulang, o mas matanda sa 40 taong gulang na may family history ng kanser sa prostate, ay dapat makipag-usap sa kanilang doktor tungkol sa pagpapasuri para sa kanser sa prostate bilang bahagi ng kanilang regular na pagsusuri sa kalusugan.

Mahalagang gumawa ka ng may-kaalamang desisyon tungkol sa pagpapasuri batay sa pinakabagong makukuhang ebidensya tungkol sa mga benepisyo at posibleng mga pinsala ng pagsusuri at kasunod na paggamot para sa kanser sa prostate.

### Ano ang PSA test?

Ang pagsusuri ng prostate specific antigen (PSA) ay ang pagsusuri sa dugo na isinasagawa upang makita ang tumaas na panganib ng kanser sa prostate. Ang mas mataas kaysa sa normal na mga antas ay nagpapahiwatig na maaaring mayroon kang isyu sa iyong prostate na nangangailangan ng karagdagang pagsusuri.

### Ano ang isyu?

Para sa isang lalaking walang mga sintomas o problema sa pag-ihi, ang pagpapasya na magpa-PSA test ay kumplikado at ang posibleng mga benepisyo at mga pinsala ng pagsusuri ng PSA ay kailangang maunawaan. Kung pinag-iisipan mo ang pagpapasuri ng PSA, hilingin sa iyong doktor na ipaliwanag ang posibleng mga benepisyo at mga pinsala ng pagsusuri bago ka gumawa ng iyong desisyon.

### Paano kung mayroon kang mga sintomas?

Inirerekomenda ang pagsusuri ng PSA kung mayroon kang mga sintomas na maaaring magpahiwatig ng problema sa iyong prostate. Kabilang dito ang:

- mga sintomas ng pag-ihi kabilang ang madalas na pag-ihi sa gabi, mahinang daloy ng ihi, patak-patak na ihi sa pagtatapos ng pag-ihi, o mabagal na pagsisimula ng daloy ng ihi
- dugo sa semilya o ihi – huwag bale-walain ang sintomas na ito
- pananakit sa pag-ihi o pagpapalabas ng semilya
- pananakit ng likod o balakang (pelvic).

### Ano ang mga posibleng benepisyo ng pagsusuri ng PSA?

- Maaaring bawasan ng pagsusuri ng PSA ang panganib na ikamatay ng isang lalaki ang kanser sa prostate.
- Sa isang lalaking walang sintomas, ang pagsusuri ng PSA ay maaaring tumuklas ng posibleng nakakapinsalang kanser bago ito kumalat.
- Ang maagang pagtuklas at paggamot sa isang mapaminsalang kanser ay magpapataas ng tsansa na mapagaling ito.
- Kung nag-aalala ka tungkol sa kanser sa prostate, ang regular na pagsusuri ng PSA ay magpapanatag sa iyong isip.

### Ang PSA ay hindi isang partikular na pagsusuri sa kanser

Ang mataas na PSA ay maaaring sanhi ng ilang mga bagay kabilang ang benign enlargement of the prostate (BPH), pamamaga o impeksyon, isang mababang grade na hindi nakakapinsalang kanser o isang mas mataas na grade na agresibong kanser na maaaring kumalat.

**Ang mataas na resulta ng PSA ay nangangahulugan na maaaring may problema sa prostate. Ang mga karagdagang pagsusuri ay kinakailangan upang malaman ang sanhi ng problema.**

### Ano ang mga posibleng pinsala ng pagsusuri ng PSA?

- Maaari kang makakuha ng false positive na resulta kung saan mataas ang antas ng iyong PSA, ngunit wala kang kanser. Ito at ang kinakailangang karagdagang pagsusuri ay maaaring magdulot ng pag-aalala, pagkabalisa at pisikal na side effect (kung kailangan ang biopsy).
- Ang mga antas ng PSA ay maaaring hindi tumaas sa ilang kalalakihan na may kanser at ang kanser ay maaaring hindi matuklasan. Ito ay tinatawag na false negative.
- Ang pagsusuri ng PSA kung minsan ay nakakatuklas ng mga kanser sa prostate na hindi nakakapinsala at hindi kailanman magdudulot ng mga problema dahil lumalaki sila nang napakabagal o nananatili sa ganitong antas. Ang paghahanap ng mga kanser na ganito sa pamamagitan ng pagsusuri ng PSA ay tinatawag na over-diagnosis.
- Hindi natitiyak ng mga doktor kung aling mga kanser ang hindi nakakapinsala, kahit na pagkatapos ng karagdagang mga pagtingin at pagsusuri. Samakatuwid, inirerekomenda ang alinman sa Aktibong Pagsubaybay (Active Surveillance) o paggamot. Kaya, sa lahat ng kalalakihang may pagsusuri ng PSA, ang ilan ay magkakaroon ng Aktibong Pagsubaybay o paggamot na maaaring hindi nila kailangan.

### Ano ang mangyayari kung nakakuha ka ng positibong resulta ng PSA?

Kinakailangan ang karagdagang pagsusuri at maaaring may kasamang karagdagang mga pagsusuri ng PSA, digital rectal examination, magnetic resonance imaging (MRI) scan at/o tissue biopsy.

Ang tissue biopsy na kinuha mula sa prostate ang tanging paraan upang makagawa ng tiyak na diyagnosis ng kanser sa prostate. Ang pamamaraan ay gumagamit ng maninipis na karayom na ipinapasok sa prostate upang makakuha ng sample ng tissue. Ang biopsy ay maaaring may mga side effect na pagdurugo, pasa, pansamantalang problema sa pag-ihi at nahihirapang tigasan ang ari at impeksyon, depende kung paano isinagawa ang biopsy.

Kung ang biopsy ay nagpapahiwatig na may kanser, ang isang espesyalistang doktor (tulad ng urologist o radiation oncologist) ay tatalakayin sa iyo ang mga opsyon sa paggamot. Ang ilang mga kanser sa prostate ay maaaring hindi mangailangan ng paggamot at maaaring ligtas na masubaybayan. Ito ay tinatawag na Active Surveillance. Ang ibang mga kanser ay mangangailangan ng paggamot, na maaaaring may mga side effect. Ang mga side effect ay iba-iba depende sa uri ng paggamot, ngunit maaaring kabilangan ng mga problema sa pag-ihi, nahihirapang tigasan ang ari at labasan ng semilya, mga problema sa pagdumi at pagkahapo, depresyon o pagkabalisa.

## Isaalang-alang ang mga panganib sa iyo

Ang pasyang magpasuri ay depende sa iyong edad, sa pangkalahatang kalusugan, kung mayroon kang mga sintomas, sa panganib na magkaroon ka ng kanser sa prostate at sa iyong mga kagustuhan.

Maaaring gusto mong pag-isipang magpasuri ng PSA kung:

- ikaw ay mas matanda sa 50 taong gulang
- mayroon kang mga sintomas tulad ng kahirapan sa pag-ihi o dugo sa ihi o semilya
- ikaw ay mas matanda sa 40 taong gulang na may ama, kapatid na lalaki o anak na lalaki na nadiyagnos na may kanser sa prostate, lalo na kung sila ay nadiyagnos noong bata pa sila, o kung mayroon kang family history ng iba pang mga kanser hal. mga kanser sa suso o obaryo.

Sa edad na 40, 4 sa bawat 1,000 lalaki lamang ang masusuri na may kanser sa prostate sa susunod na 10 taon. Sa edad na 70, tataas ito sa 98 sa bawat 1,000 lalaki.